

DECEMBER 2019

AQUANEGOSYO

KOMIKS



PAG-AALAGA NG TALABA SA BALSANG KAWAYAN



Sa TABING DAGAT NG BARANGAY ENGANYO...

KAKAUNTI
NA NAMAN ANG HULI
NATIN AYONG.

ANG IPINAG-AALALA KO
RIN AYONG... BAKA
DUMATING ANG ARAW NA
WALA NA TALAGA TAYONG
MAHULING ISDA.

OO NGA IPE.
MATAGAL NA RING
PANAHON NA NANGYAYARI
SA DAGAT NATIN ANG
GANITO.

IPE! AYONG!
NAKABALIK NA PALA KAYO!
KANINA KO PA KAYO
INAABANGAN!

DOMENG?
BAKIT? ANONG
MERON?

NAKAUSAP
KO YUNG TAGA-BFAR NA
NAGSURVEY DITO SA
ATING LUGAR.

BAKIT DAW WALA PANG NAG-AALAGA NG TALABA AT TAHONG EH ANG LUGAR NATIN AY ANGKOP PARA SA GANITONG URI NG NEGOSYO AT MALAKAS DIN ANG BENTAHAN SA MERKADO.



GANUN BA?

OO IPE! TUTULONG SILA SA ATIN AT MAGPA-SCHEDULE LANG DAW ANG ATING SAMAHAN PARA SA GAGAWING SEMINAR!



ABA! EH KLING GANUN, PAGSAMA-SAMAHAN NA NATIN 'YAN AT PUNTAHAN NA NATIN ANG B FAR!

TAMA! HUWAG NA TAYONG MAG-AKSAYA PA NG ORAS!

OO! AT SABIHAN NA RIN NATIN ANG IBA PA NATING MGA KASAPI!

DAMA NG BAWAT ISA NA MAY NAGHIHINTAY NA MASAGANANG BUKAS PARA SA KANILA, SA KOMUNIDAD AT SA KANILANG PAMILYA.

ANG PAG-AALAGA NG TALABA SA BALSANG KAWAYAN

ANG NATURAL NA PRODUKSYON NG TALABA AY MAKIKITA SA ILOG, TABING DAGAT AT LOOK.

ANG KAUNTING KINIKITA NG MGA MALILIIT NA MANGINGISDA SA REHIYON AY TUMULAK SA KANILA NA MAMUHUNAN SA PAG-AALAGA NG TALABA UPANG MADAGDAGAN ANG KITA AT MATUSTUSAN ANG PANGANGAILANGAN NG KANILANG PAMILYA.



ANG PROYEKTONG ITO AY NAGLALAYON NA UNTI-UNTING PALITAN ANG LUMANG SISTEMA NG PAG-AALAGA NG MGA MANGINGISDA SA BAGONG SISTEMA NA BALSA O RAFT METHOD UPANG MAIWASAN ANG SILTASYON SA LUGAR, SUSTAINABLE CULTURE AT MAPROTEKSYONAN DIN ANG INDUSTRIYA NG TALABA.




PAGPAPAKAIN NG TALABA


ANG TALABA AY KUMAKAIN SA PAMAMAGITAN NG PAGSALA NG TUBIG NA PUMAPASOK SA LOOB NG SHELLS O TINATAWAG NA FILTER FEEDERS AT KINILUKHA ANG NUTRISYON MULA SA TUBIG.

WALANG KOMERSYAL O ARTIPISYAL NA PAKAIN PARA SA TALABA DAHIL NAGDEDEPENDE LAMANG SILA SA NATURAL NA PAGKAIN NA NASA TUBIG.

KINAKAIN NILA ANG TINATAWAG NA PHYTOPLANKTON O MGA MALILIIT NA HALAMANG LUMULUTANG SA TUBIG NA MAKIKITA LAMANG GAMIT ANG MICROSCOPE.



PAGPILI NG TAMANG LUGAR




DAPAT MAYROONG MGA SPAWNERS NA TALABA SA LUGAR PARA MAISIGURO NA MARAMI AT TULOY-TULOY ANG SEMILYA NG TALABA NA KAKAPIT SA GAGAWING BALSA.

ANG TUBIG-DAGAT AY DAPAT MALINIS SA BUONG TAON, NA ANG KULAY NITO AY GREEN O BLUE.


GREEN - DAHIL ITO AY NAGPAPAHIWATIG NA MAYROONG NATURAL NA PAGKAIN SA LUGAR.

ANG ALAT NG TUBIG (SALINITY) AY NASA 17-25 PPT (PARTS PER THOUSAND) AT ANG TEMPERATURA NG TUBIG AY NASA 27-32°C.



ANG LUGAR AY HINDI DAPAT INAABUTAN NG TUBIG-TABANG (FRESHWATER) GALING SA BAHA TUWING UMIUULAN DAHIL MAGKAKAROON NG PAGBABA NG ALAT NG TUBIG O SALINITY (0-10 PPT) AT GAYUN DIN NG SILTASYON NA MAGING RESULTA NG MATINDING PAGKAMATAY NG MGA TALABA.

ANG LALIM NG TUBIG AY SA 2.0 METRO PARA SA TRADISYUNAL NA PAG-AALAGA AT 5 METRO PARA SA NON-TRADITIONAL NA PAG-AALAGA.



ANG AREA AY DAPAT PROTEKTADO NG MGA ISLA PARA MAIWASAN ANG PAGKASIRA NG TALABAHAN TUWING MAY BAGYO O MALAKAS NA ALON NA MINSAN AY DALA NG HANGING AMIHAN O HABAGAT.

KAILANGAN NG PALAGIANG PAGGALAW NG ALON PARA SA MAGANDANG WATER EXCHANGE AT PAG-IWAS DIN NG PAGTITIPON NG MGA BULOK NG MGA BAGAY SA ILALIM NG MGA TALABAHAN.


ANG LUPA SA ILALIM NG TALABAHAN AY DAPAT MATIGAS AT HINDI NADADALA GAANO NG TUBIG O MUDDY PARA MALIMITAHAN ANG SILTASYON.



ANG PRESENSYA NG MGA MAPAMINSALANG ORGANISMO TULAD NG MGA CRABS, BORERS, STARFISH AT BARNACLES AY DAPAT BIGYANG PANSIN PARA MALIMITAHAN ANG PREDATION AT KOMPETISYON SA PAGKAIN AT ESPASYO SA TALABAHAN.

ANG BALSANG TALABAHAN (RAFT CULTURE METHOD)

ANG Balsa ay ginagawa gamit ang mga kawayan (katamtamang laki) sa dimensyon na 5 metro x 5 metro.



TALIAN ANG MGA ITO NG MONOFILAMENT NYLON O POLYETHYLENE ROPE AT LAGYAN NG PLASTIC DRUMS (FLOATERS) SA ILALIM NITO PARA HINDI LUMUBOG ANG BALSA SA PAGLAKI NG TALABA SA TAKDANG PANAHON NG PAG-AANI.



SA PAGGAWA NG COLLECTORS (ANG ISANG COLLECTOR AY HUMAHABA NG 1-2 METRO DEPENDE SA LALIM NG TUBIG) KUNG SAAN KAKAPIT O TUTUBO ANG SEMILYA (SPATS) NG TALABA.




KAILANGANG MAGTALI NG 6-7 PIRASO NG EMPTY SHELLS GAMIT ANG PANTALI SA SUKAT NA 10 CM ANG PAGITAN NG BAWAT ISA AT IBITIN SA BALSA NA MAY SUKAT MULA SA ILALIM NG LUPA NA HINDI BABABA SA 0.5 METRO PARA MAIWASAN ANG SILTASYON AT MGA MAPAMINSALANG ORGANISMO NA NAKATIRA SA ILALIM NG LUPA NA POSIBLENG KUMAIN NG INAALAGAANG TALABA.

SA PAG-AALAGA NG TALABA AABOT ITO NG ANIM (6) HANGGANG WALONG (8) BLUAN BAGO MAKAPAG-ANI SA LAKI NA MULA APAT (4) HANGGANG SIYAM (9) NA SENTIMETRO ANG HABA NG SHELL NITO.




PAG-AANI

ANG MGA GAMIT NA KINAKAILANGAN SA PAG-AANI AY KUTSILYO, GWANTES, KAING, AT BANGKA SA PAGBIBIYAHE NG MGA INANING TALABA.



SA BALSANG TALABAHAN NA MAY DIMENSYON NA 5M X 5M MAKAKAPRODYUS ITO NG 3.87 TONELADA BAWAT TAON.

ANG MGA INANING TALABA AY IBINEBENTANG NASA SHELL PA AT MERON DING PINOPROSESO PARA GAWING BAGOONG NA NASA BOTE.



ANG MGA TALABANG MAY MGA SHELLS PA AT NAKALAGAY SA SAKO AY DIREKTANG IPINAGBIBILI SA PALENGKE AT RESTAURANT HALAGANG 250 PESOS PER SAKO (2011).



MGA MATERYALES NA KAILANGAN

PARTIKULAR	DAMI
KAWAYAN (MEDIUM SIZE, 6m)	15PCS
MONOFILAMENT NYLON #190	6KGS
PLASTIC DRUM 200L	4PCS
EMPTY OYSTER SHELLS	8CANS
POLYETHYLENE (PE) ROPE #18	28m
CEMENT	1BAG
MIXED SAND AND GRAVEL	6BAGS

COST AND RETURN ANALYSIS

RAFT DIMENSION: 5m X 5m
 CULTURE PERIOD: 6 MONTHS
 NO. OF TIMES OF HARVEST/YEAR: 2
 NO. OF COLLECTORS: 121 HANGING LINES
 AVE. PRODUCTION/LINE: 16 KGS
 AVE. PRODUCTION/YEAR: 3.87 TONS
 AVE. WEIGHT OF OYSTER/SACK: 60 KGS
 NO. OF SACKS PRODUCED/YEAR: 64.5 SACKS
 GATE PRICE/SACK: P250/SACK

PRODUCTION

YEARLY: 121 LINES x 16 KG/LINE x 2 HARVEST/YR. = **64.5 SACKS/YR.**

60 KG/SACK

MATERIALS	AMOUNT (PESOS)	LIFE EXPECTANCY (YEAR)	DEPRECIATION COST
KAWAYAN	P 450.00	2	225.00
NYLON #190	1,800.00	2	900.00
DRAM	4,000.00	5	800.00
LUBID	200.00	3	67.00
EMPTY SHELLS	400.00	1	400.00
PABIGAT (ANCHOR)	430.00	10	43.00
TOTAL DEPRECIATED FIXED COST			P 2,435.00

VARIABLE COST

LABOR FOR RAFT CONSTRUCTION: P 600.00

TOTAL EXPENSES (A + B) = P 2435 + 600 = P 3035.00

INCOME OF THE FISHERFOLK FOR 5M X 5M FLOATING RAFT PER YEAR

NET INCOME = SALE - TOTAL EXPENSES
 = P 16,105.00 - P 3035.00
 = P 13,090.00



FISHERIES, COASTAL RESOURCES AND LIVELIHOOD PROJECT
PCA BUILDING ELLIPTICAL ROAD, DILIMAN QUEZON CITY
<http://fishcoralproject.bfar.da.gov.ph>